

## Mayroon kang karapatang makatanggap ng “Good Faith Estimate” na nagpapaliwanag kung magkano ang iyong magiging pangangalagang pangkalusugan

Sa ilalim ng batas, ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay kailangang magbigay sa **mga pasyenteng walang ilang partikular na uri ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan o hindi gumagamit ng ilang partikular na uri ng saklaw ng pangangalagang pangkalusugan** ng estimate ng kanilang singil para sa mga item at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan bago ibigay ang mga item at serbisyonang iyon.

- Mayroon kang karapatang makatanggap ng Good Faith Estimate para sa kabuuang inaasahang gastos sa anumang item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kapag hiniling o kapag iniskedyul ang mga naturang item o serbisyo. Kasama rito ang mga kaugnay na gastos tulad ng mga medikal na pagsusuri, inireresetang gamot, kagamitan, at bayarin sa ospital.
- Kung mag-iiskedyul ka ng item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang mas maaga man lang ng 3 araw ng negosyo, tiyaking bibigyan ka ng iyong tagapagbigay o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Good Faith Estimate sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos magpaiskedyul. Kung mag-iiskedyul ka ng item o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang mas maaga man lang ng 10 araw ng negosyo, tiyaking bibigyan ka ng iyong tagapagbigay o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Good Faith Estimate sa loob ng 3 araw ng negosyo pagkatapos magpaiskedyul. Maaari ka ring humingi sa anumang tagapagbigay o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng Good Faith Estimate bago ka mag-iskedyul ng item o serbisyo. Kung gagawin mo iyon, tiyaking bibigyan ka ng tagapagbigay o pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ng nakasulat na Good Faith Estimate sa loob ng 3 araw ng negosyo pagkatapos mong humingi.
- Kung makatanggap ka ng singil na hindi bababa sa \$400 pa para sa anumang tagapagbigay o pasilidad kaysa sa iyong Good Faith Estimate mula sa tagapagbigay o pasilidad na iyon, maaari mong i-dispute ang singil.
- Tiyaking mag-save ng kopya o larawan ng iyong Good Faith Estimate at ng singil.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatang magkaroon ng Good Faith Estimate, bisitahin ang [www.cms.gov/nosurprises/consumers](http://www.cms.gov/nosurprises/consumers), mag-email sa [FederalPPDRQuestions@cms.hhs.gov](mailto:FederalPPDRQuestions@cms.hhs.gov), o tumawag sa 1- 800-985-3059.

Upang humingi ng Good Faith Estimate mula sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Santa Clara Valley bago ka mag-iskedyul ng item o serbisyo, mangyaring makipag-ugnayan sa Unit ng Integridad ng Kita sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-408-885-6884 o pag-email sa [hscdm@hhs.sccgov.org](mailto:hscdm@hhs.sccgov.org).